Health Homes Program (Programang Health Homes)

# Pangkalahatang Impormasyon sa Health Homes Program (Programang Health Homes)

Nag-aalok ang Health Homes Program (HHP) ng mga karagdagang serbisyo nang walang bayad sa mga miyembro ng Medi-Cal na may mga partikular na malubhang problemang pangkalusugan at/o pangkaisipan na may malalaking pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan o walang lugar na matirhan.



## Paano Ka Matutulungan ng HHP?

Kapag nagkwalipika ka, bibigyan ka ng HHP ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at iba pang tulong upang matugunan ang mga pangangailangan mo. Magkakaroon ka ng team na tutulong sa iyo sa mga bagay na tulad ng:

- Paggawa ng plano upang makuha ang pangangalagang kailangan mo
- Paghahanap ng mga doktor at pagpapa-appointment
- Pagpapanatiling updated ang lahat ng iyong doktor tungkol sa iyong mga pangangailangan at kagustuhang pangkalusugan
- Pagkonekta sa iyo sa mga serbisyong pangkomunidad at panlipunan na kailangan mo (tulad ng pagkain at pabahay)

Ang mga karagdagang serbisyong ito ay iniaalok bilang bahagi ng iyong kasalukuyang plano sa Medi-Cal.

Hindi magbabago o aalisin ang mga serbisyong Medi-Cal **na natatanggap** mo ngayon. Maaari ka pa ring magpatingin sa parehong **mga doktor**, pero ngayon, pwede ka nang tumanggap ng dagdag **na tulong**.

## Sinong Pwedeng Makakuha ng Mga Serbisyo ng HHP?

Upang makakuha ng mga serbisyo ng HHP, dapat matugunan mo ang lahat ng 3 ng mga pangangailangang ito:

1. Nakatala sa isang planong pangkalusugan na may pinamamahalaang pangangalaga sa Medi-Cal
2. Mayroong partikular na kronikong karamdamang pangkalusugan at/o pangkaisipan
3. Namalagi sa ospital, nadala sa emergency room, o walang lugar na matirhan

**Kapag nagkwalipika ka, ang pagtanggap ng mga serbisyo ng HHP ay isa sa pwede mong piliin.**

### Ang HHP ay para sa mga Miyembro ng Planong Pangkalusugan ng Medi-Cal

Dapat nakatala ka sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal upang maakses ang mga serbisyo ng HHP. Kung kailangan mo ng tulong sa pagpapatala sa isang plano sa Medi-Cal, maaari kang tumawag sa Health Care Options sa 1-800-430-4263.

## Sinong Nagbibigay ng Mga Serbisyo ng HHP?

Bibigyan ka ng sarili mong pangkat ng pangangalaga na magtutulungan upang mabigyan ka ng mga serbisyong kailangan mo. Ang iyong pangkat ng pangangalaga ay pangungunahan ng isang tagapagkoordina ng pangangalaga, na siyang pangunahin mong taong kokontakin.

Kabilang sa iyong pangkat ng pangangalaga ang mga taong pipiliin mo, tulad ng iyong:

- Mga doktor, espesyalista, at nars
- Mga parmasista at nutrisyunista
- Mga tagapamahala ng kaso sa serbisyong panlipunan
- Mga tagapangalaga at personal na sistema ng suporta system





## Paano Naaakses ng Mga Kwalipikadong Miyembro ng Medi-Cal ang Mga Serbisyo ng HHP?

Mayroong 3 paraan upang maakses ang mga serbisyo ng HHP:

1. Maaari kang kontakin ng iyong doktor, ng iyong plano sa Medi-Cal, o iba pang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan
2. Sasabihin ng iyong doktor sa iyong planong pangkalusugan sa Medi-Cal na maaari kang magkwalipika
3. Maaari mong tawagan ang iyong planong pangkalusugan sa Medi-Cal para makakuha ng impormasyon at upang malaman kung kwalipikado ka

**Upang makaalam pa tungkol sa HHP:**

1. Tawagan ang iyong planong pangkalusugan sa Medi-Cal. Upang mahanap ang numero ng telepono, itsek ang iyong ID card sa Medi-Cal o magpunta sa bit.ly/plandirectory at i-click ang iyong bansa.
2. Tumawag sa Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077).
3. Magtanong sa iyong doktor o sa klinika tungkol sa programa.

**The Health Homes Program**
bit.ly/HHPInformation